

Pagkakaisang-Bayan Kontra Agresyong Pangkaunlaran: Ang *Bodong* Laban sa mga Saplod ng Diktadurang Marcos

Roderick C. JAVAR

University of the Philippines Los Baños
silangang.buhawi@gmail.com
<https://orcid.org/0009-0005-8371-3544>

Abstrak

Kilala ang mga katutubong pamayanan sa Kalinga sa mahabang kasaysayan ng paglaban sa iba't ibang agresyon mula sa labas – mula sa tangkang pananakop ng mga kanluraning kolonyalista hanggang sa agresibong pagpasok ng mga mapanirang proyektong 'pangkaunlaran' ng gobyerno sa kanilang mga lupaing ansestral. Sa kabilang dako, kilala rin ang mga pamayanang ito sa kanilang kasaysayan ng mararahas na inter-pamayanang digmaan. Sinakyan at ginamit ng iba't ibang kalabang puwersa ang ganitong dinamismo sa rehiyon para pahinain at paguhuin ang katutubong oposisyon. Gamit ang taktikang paghahati-at-pananakop, ginatungan ng mga kolonyalista ang mga dinatnang sigalot para mapagwatak-watak ang mga nagtatanggol na pamayanan. Hindi naiiba rito ang taktikang ginamit ng administrasyon ni Ferdinand Marcos sa tangka nitong lansagin ang oposisyon ng mga katutubong pamayanan kontra sa proyektong saplad ng diktadura sa ilog Chico. Sa harap ng mga ganitong hamon, kinasangkapan ng mga Kalinga ang kanilang *bodong* sa pag-aayos ng mga sigalot tungo sa konsolidasyon ng kanilang hanay. Sa panahon ng kanilang pakikibaka sa mga saplad, iniakyat ng mga katutubo sa panibagong antas at gamit ang *bodong*. Mula sa tradisyunal na katangiang bilateral ay pinalawak ito bilang multilateral na pag-uusap para sa higit na masaklaw na pagpapatibay-hanay nila. Nakatuon ang artikulong ito sa historikal na pagtalakay sa iba't ibang *bodong* na idinaos ng mga oposisyunistang katutubo sa panahon ng agresyong pangkaunlaran sa ilog Chico. Ipakikita sa salaysay kung paano ito ginamit ng mga katutubo – hindi lamang sa pakikipagbalikatan nila sa mga kaalyadong pamayanang Kalinga at Bontok – kundi sa pakikipag-ugnayan at pakikiisa ng iba pang tagasuportang grupo para oposisyong kontra-saplod. Sa ganito, mabibigyang diin ang paggamit sa *bodong* bilang bahagi ng kultural na pag-angkop sa harap ng mga daluyong ng agresyon sa ilog Chico.

Mga susing-salita: *bodong*, ilog Chico, saplad, diktadurang Marcos, agresyong pangkaunlaran

Panimula

Hindi pa lubusang napag-aaralan ang paksa hinggil sa oposisyon ng mga katutubong pamayanang Kalinga laban sa proyektong saplad ng diktadurang Marcos sa ilog Chico noong dekada sitenta hanggang otsyenta. Sa kabilang dako, madalas nakatutok sa mga aspetong administratibo-politikal, ekonomiko, militar, at sosyolohikal ang mangilan-ngilang mga pag-aaral ukol dito. May tendensiya ring limitadong tingnan ang pakikibaka ng mga Kalinga batay sa karanasan ng iilang mga pamayanan lamang sa halip na sipatin ito mula sa lente ng kolektibong pagkilos. Partikular na naitatampok ang mga pamayanang may sapat na banggit sa mga nalathalang balita o paunang pag-aaral ng mga akademista at mamahayag na nagtungo noon sa kahabaan ng ilog Chico.

Sa kabuuan, tatangkaing tugunan ng pag-aaral na ito ang ganitong pagkatagibang ng pagsipat. Una, layon nitong sipatin ang paksa mula sa lenteng pangkalinangan sa pamamagitan ng *bodong*. Paano ginamit at iniangkop ng mga katutubo ang *bodong* bilang instrumento ng pagbibigkis at konsolidasyon ng kanilang hanay laban sa mga saplad? Paano binago ng mga Kalinga ang tradisyunal na katangiang bilateral ng *bodong* tungo sa mas masaklaw na oryentasyong multilateral para buksan ang dati-rati'y mahigpit na mga panuntunang katutubo? Paano ito nakapagbukas tungo sa pagtanggap ng mga suporta mula sa labas? Pangalawa, bibigyang-diin nito ang pagiging kolektibo ng pagkilos ng mga katutubong pamayanan laban sa proyekto. Ipakikita ang mahahalagang papel ng iba pang apektadong pamayanan na hindi gaanong nababanggit sa mga kasalukuyang salaysay. Babanggitin din ang tulong at suportang ibinigay ng iba't ibang grupo mula sa labas tulad ng mga akademista, mamamahayag, mga taong-simbahan, at iba pa.

Ang *bodong* ng mga Kalinga bilang katutubong sistemang pangkapayapaan

Bahagi ng kultural na realidad sa Kordilyera ang pagsiklab ng iba't ibang digmaan sa pagitan ng mga katutubong pamayanan. Likas ito sa isang multi-etnikong kaayusan ng rehiyon kung saan ang mga alitan ay madalas nakaugat sa awtonomiya at mga usaping teritoryal. Apektado ang mga ugnayang pampamayanan at kapayapaan sa rehiyon sa pagsiklab ng ganitong mga sigalot. Napaparalisa ang lokal na transportasyon at natitigil ang daloy ng kalakalan sa

mga lugar ng digmaan.¹ Tugon sa ganitong sitwasyon ang *bodong*– katutubong sistema ng pagsasaayos ng mga hidwaang pampamayanan sa Kalinga. Tinatawag ding *vochong* at *pechen* sa ibang bahagi ng rehiyon,² nakahabi na ito sa mahusay na katutubong sistemang legal ng taumbayan na nagpapanatili ng kabuuang panlipunang ekwilibro sa Kordilyera. Bilang mekanismong pangkapayapaan, nakatuon ito sa pagpapabuti ng sitwasyon at tuluyang resolusyon ng mga hidwaan.³

Bilateral o sa pagitan ng dalawang pamayanan ang prosesong ito. Maaring magpasimula ng *bodong* ang sinuman sa nagtutunggaliang pamayanan pagkaraang matalakay ng *papangat*⁴ ang intensyon para dito batay sa layunin at lalim ng pangangailangan para sa isang kasunduan. Agad inihahatid ang *warang* (kilala rin sa tawag na *sipat*) sa kabilang pamayanan bilang tanda ng inisyal na intensyon ng pakikipagkasundo. Ang *warang* ay isang mahalagang ari-arian o gamit ng *mangdon si bodong*⁵ ng nag-aalok na pamayanan tulad ng sibat, lanseta, o *gangs* na ibinibigay sa kanyang kapilas sa kabilang pamayanan. Isang mapanuri at malalimang deliberasyon ang kagyat na pamumunuan ng *papangat* sa pagdating ng alok pangkapayapaan. Malaki at aktibo ang partisipasyon ng taumbayan sa proseso ng pagpapasya. Batayan sa pagtanggap o pagbasura sa alok ng kabilang pamayanan ang resulta ng pampublikong talastasang ito. Kung positibo ang kolektibong pasya, tinatalakay na rin sa yugtong ito ang mga detalye tulad ng petsa ng pag-uusap. Ipinaaabot ang pagtanggap sa alok pangkapayapaan sa pamamagitan ng katumbas na *warang* sa kabilang pamayanan.⁶

Magiging abala ang pamayanang pagdarusan sa paghanda ng mga pagkain at inumin para sa parating na mga panauhin. Sasalubong sa mga panauhin ang

¹ “Seek early meeting to forge solutions to tribal conflict,” *Baguio Midland Courier*, Nobyembre 12, 1978, 8-9.

² Nestor T. Castro, “A Peek into Cordilleran History, Culture, and Society: In Search for Self-Determination” nasa *Seven in the Eye of History*, pat. Asuncion David-Maramba (Pasig City: Anvil Publishing, Inc.), 173.

³ Rudolf Vecaldo, Romeo Clemente, and Agustin Tamangen, “Effectiveness of Bodong as an Alternative Dispute Resolution: A Glimpse of Kalinga’s Peace Framework”, *Sociology and Anthropology* 3, no. 3 (2015): 145.

⁴ Kolektibong tawag sa mga katutubong lider ng isang pamayanan; mula sa isahang salitang *pangat*.

⁵ Indibidwal na tagapangalaga ng *bodong* at tagapagpatupad ng pagta o mga probisyon ng kasunduang pangkapayapaan. *Peacepact holder* sa wikang Ingles.

⁶ “Bodong: From Local to National Solidarity” (di-nalathalang manuskrito, 1980), nakamakinilya, 1.

tugtog ng *gangsa* at *patanggok*. Kasabay nito ang pagsasagawa ng *inum di bodong* kung saan inihahain ang mahusay at de-kalidad na mga inumin.⁷ Pagkaraan ay kakatayin sa harap ng lahat ang isang malusog na baboy at susuriin ng *lallakay* ang atay ng kinatay na hayop upang makita ang mga palatandaan. Ang resulta nito ang magdidikta sa pagpapatuloy o pansamantalang pagpapaliban ng pag-uusap. Kung positibo ang mga pahiwatig, magtitipon ang lahat sa sentro ng pamayanan para sa *pangili* o seremonya ng pagtanggap sa mga panauhin. Tampok sa seremonyang ito ang pagsasayaw ng lahat sa saliw ng *gangsa* habang patuloy ang pag-inom ng *tapey*. Ipinahihiwatig ng yugtong ito ang simula ng maayos na ugnayan ng magkaaway na pamayanan.⁸

Higit na seryoso ang *lonok* – talastasan sa pagitan ng mga *mangdon si bodong* ng magkabilang panig – na idinaraos sa isang tahimik na lugar. Habang patuloy na nagsasaya ang karamihan sa labas, mahaba at masalimuot na diskusyon ang nagaganap sa loob ng tahanan ng may-bisita. Tumatagal ang talakayan nang mahabang oras at kadalasa’y humahantong sa mainit at tensyonadong balitaktakan. Emosyonal na hinihimay ang mga ugat ng madugong hidwaan at iniisa-isa ang mga ibinunga nito sa magkabilang panig. Hudyat sa pagtatapos ng pag-uusap ang paghupa ng tensyon na katatampukan ng pagbalangkas sa *pagta ti bodong* o batas-alituntunin ng kasunduan. Ang mga probisyong itinatakda nito ang tumatayong saligan ng nabuong kasunduang pangkapayapaan. Masayang ipamamalita ang resulta ng usapan sa mga taong matamang naghihintay sa labas. Sama-samang magbubunyi ang lahat at ipagpapatuloy ang pagdiriwang. Muling babaha ng inumin para sa lahat sa yugtong tinatawag na *totom*. Taunang sinasariwa ang *bodong* sa pamamagitan ng *dolnat*. Layunin ng pagpapanibago o *renewal* na ito na tasahin ang estado ng kasunduan, irebyu ang implementasyon ng *pagta*, at kagyat na bigyan ng resolusyon ang anumang suliraning lilitaw kaugnay nito.⁹

Ang Chico River Basin Development Project (CRBDP) at mga saplad ng diktadura

Nabuo ang paunang plano hinggil sa konstruksyon ng mga saplad pang-enerhiya sa kahabaan ng ilog Chico dekada sienta. Isang inisyal na pag-aaral ukol sa potensyal na enerhiyang malilikha mula sa ilog Chico ang isinagawa ng *National Power Corporation* (NPC) noong 1962. Sinusugan ito ng hiwalay na

⁷ Roy F. Barton, *The Kalingas: Their Institution and Custom Law* (Chicago: The University of Chicago Press, 1949), 179.

⁸ Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Abril 28, 2004.

⁹ Barton, *The Kalingas*, 183.

pag-aaral ng *United States Bureau of Reclamation on the Cagayan River Basin Resources* noong 1965. Ipinagpaliban ang implementasyon ng plano, gayumpaman, bunga ng kakulangan ng pondo ng gobyerno para sa proyekto. Makatitipid ang gobyerno kung aangat na lamang ito ng langis para sa produksyon ng enerhiyang magpapatakbo ng industriya sa bansa.¹⁰

Nagbago ang sitwasyon pagsapit ng dekada 70. Isang malawakang krisis sa langis ang lumaganap bunga ng mababang suplay nito sa pandaigdigang pamilihan. Nagbunsod ito sa pagtataas ng *Organization of Petroleum Exporting Countries* (OPEC) nang apat na beses mula sa orihinal na presyo ng langis at iba pang mga produktong petrolyo. Mabigat at suson-susong suliraning pang-enerhiya ang idinulot ng krisis sa buong mundo, lalo na sa Pilipinas. Pinalala nito ang mga umiiral na suliraning pang-ekonomiya sa bansa. Taliwas sa inaasahan ng diktadurang Marcos, nabigong magpakita ng senyales ng pag-unlad ang ekonomiya ng Pilipinas sa huling bahagi ng dekada sitenta, bagkus ay lalo pa itong nalugmok sa kahirapan. Ang utang panlabas sa importasyon ng langis ay umabot sa US\$1 bilyon kada taon nang nasabing dekada.¹¹ Noong 1975 lamang ay nasa \$695 milyon na ang inutang ng gobyerno sa *International Monetary Fund* (IMF) para sa pag-aangat nito ng langis.¹²

Bilang tugon, ikinonsidera ng gobyerno ang konstruksyon ng mga plantang nukleyar sa iba't ibang panig ng bansa. Ibinasura rin kalaunan ang balak sapagkat higit na mas mataas ang kakailanganing pondo para sa konstruksyon at operasyon ng mga planta kaysa sa gugugulin ng gobyerno sa pag-aangat ng langis. Kinailangan ng gobyerno, kung gayon, na humanap ng iba pang alternatibong mapagkukunan ng enerhiya. Ang pagtatayo ng malalaking saplad pang-enerhiya ang nakitang praktikal na kasagutan ng diktadura. Iniatas ni Pangulong Marcos sa NPC ang pagsasagawa ng mga pag-aaral sa posibleng konstruksyon ng mga saplad sa iba't ibang panig ng bansa. Layunin nitong makahanap ng alternatibong mapagkukunan ng enerhiya na higit na mas matipid kaysa sa mga naunang panukala. Dahil dito, muling binuhay ang nabinbing plano para sa mga saplad sa kahabaan ng ilog Chico – ang tahanan ng mga katutubong Kalinga at Bontok. Isinama ng NPC noong 1972 ang paunang pag-aaral sa ilog Chico sa *project package* na pinondohan ng *World Bank*

¹⁰ United States Bureau of Reclamation on the Cagayan River Basin Resources, *Technical Report*. September 1965, 2-3. Nabanggit rin sa Joanna Cariño, "The Chico River Basin Development Project: A Case Study in National Development Policy (An Update)", *Aghamtao* 3, 1 (1980): 3.

¹¹ Martha Winnacker, "The Battle to Stop the Chico Dam", *Southeast Asia Chronicle* 67, no. 2, (1979), 2.

¹² "Power Woes," *Philippine Daily Express*, Marso 13, 1976, 2.

(WB) sa ilalim ng *Fifth Power Loan* nito sa Pilipinas. Naglaan ang WB ng pondo para sa proyekto na inasahang magbibigay ng kinakailangang enerhiya para sa *Luzon Power Grid (LPG)*.¹³ Kinontrata ng gobyerno ang *Lahmeyer International GMBH*, isang kompanyang Aleman, upang magsagawa ng *pre-feasibility study* sa ilog Chico. Sa tulong ng *Engineering and Development Corporation of the Philippines (EDCOP)*, ipinasa ng Lahmeyer noong 1973 ang ulat nito na pinamagatang *Technical Pre-Feasibility Study of the Hydroelectric Development in the Chico River*.¹⁴

Batay sa nasabing ulat, apat (4) na saplad ang maaring itayo sa kahabaan ng ilog sa ilalim ng *Chico River* ang *Basin Development Project (CRBDP)*. Saklaw ng proyekto ang mahigit 1,400 kilometro kuwadrang lupaing anestral ng mga katutubong pamayanan ng Mt. Province at Kalinga-Apayao.¹⁵ Hinati ito sa apat na bahagi: ang Chico I sa Sabangan, Mt. Province; Chico II sa Sadanga, Mt. Province; Chico III sa Basao, Tinglayan, Kalinga; at Chico IV sa Tomiangan, Kalinga. Ayon sa *pre-feasibility study*, makalilikha ang apat na dambuhalang saplad ng kabuuang 1,010 *megawatts* na enerhiya – 100 *megawatts* mula sa Chico I at 360 *megawatts* ang malilikha ng Chico II. Karagdang 100 *megawatts* ang ihahatid ng Chico III at 450 *megawatts* naman mula sa Chico IV. Batay sa pagtatayang ito, mas malaki pa kaysa sa pinagsamang produksyon ng enerhiya ng mga saplad sa Ambuklao, Binga, Angat, at Caliraya ang potensyal na kapasidad ng CRBDP. Sa halagang US\$2 bilyon, ang CRBDP ay tinaguriang pinakamalaking saplad pang-enerhiya sa buong Asya. Inasahang makapaghahatid ito ng kinakailangang enerhiya ng Luzon sa loob ng 25 hanggang 50 taon.¹⁶ Hindi nakapagtataka, kung gayon, ang masigasig na pagpapakilala ng diktadura sa proyekto bilang “kaunlaran ng bansa” at “progreso para sa taumbayan.”

Sa kabila ng pagtutrumpetang ito ng gobyerno, tiningnan ng mga apektadong pamayanan ang CRBDP bilang napipintong pagkawasak ng kanilang kultura, buhay at kabuhayan. Sakop ng *watershed area* ng proyekto ang mga munisipalidad ng Sabangan, Sagada, Bontoc, Sadanga, at bahagi ng Bauko at Barlig sa Mountain Province; at mga munisipalidad ng Tinglayan, Lubuagan,

¹³ Cariño, *The Chico River*, 2.

¹⁴ Lahmeyer International GmbH, *Technical Pre-Feasibility Study of the Hydroelectric Development in the Chico River* (Frankfurt, Germany: Lahmeyer International, June 1973).

¹⁵ Ang dating lalawigan ng Kalinga-Apayao ay pinaghiwalay bilang mga independenteng lalawigan ng Kalinga at Apayao noong Pebrero 1995 sa pamamagitan ng Republic Act No. 7878.

¹⁶ “Transcript of radio interview with NPC officials, Radio Mindanao Network – Baguio Station,” Marso 9, 1975, 6; Lahmeyer International, *Technical Pre-Feasibility*, 2; at Cariño, *The Chico River*, 3.

Pasil, at bahagi ng Tabuk sa Kalinga-Apayao.¹⁷ Direktang apektado at madadamay ng proyekto ang lahat ng mga pamayanang naninirahan malapit o sa mismong mga lugar na saklaw ng *watershed area*. Umabot sa 100,000 mamamayan ang tinayang apektado ng konstruksyon at operasyon ng mga saplad. Pinangambahang magpalubog sa kabuuang 2,753 ektaryang lupaing aneutral ang pagtatayo ng mga dambuhalang pasilidad na sumaklaw sa napakalawak na *catchment area*.¹⁸ Sa Chico IV pa lamang, inasahang mabura sa mapa ng Kalinga-Apayao ang mga pamayanan ng Ableg, Cagaluan, Dupag, Tanglag, Dognac, at Mabongtot kasabay ang paglubog ng 10 kilometrong pambansang kalsada sa lalawigan. Magbubunga ang pangambang paglubog ng mga pamayanang ito sa pagkawasak ng mga tahanan at sapilitang pagpapalayas sa 672 pamilya (na katumbas ng 5,000 indibidwal) mula sa mga lupaing tahanan na ng kanilang mga ninuno pa maraming dantaon na ang nakalipas.¹⁹

Bukod sa mga nabanggit, sisirain din ng proyekto ang kabuuang katutubong sistema ng pagsasaka na siyang ikinabubuhay ng mga Kalinga at Bontok. Aabot sa 1,200 makasaysayang *payao* o hagdan-hagdang palayan ang pinangambahang wasakin ng mga saplad. Mapipinsala rin ang mahigit 500 ektarya ng mga pananim gaya ng kape, dalandan, mangga, at iba pang prutas na pinagmumulan ng kita ng taumbayan.²⁰ Mahigit P13 milyon (sa halaga ng piso noong 1972) ng produksyon ng prutas, gulay, at palay ang mawawala sa mga tao kada taon, maliban sa iba pang benipisyong nakukuha ng mga katutubo mula sa mayamang kagubatan at mga katawang-tubig tulad ng isda, ligaw na hayop, at kahoy na panggatong.²¹ Umabot na sa P31,500,000, sa Chico IV pa lamang, ang halaga ng masisirang lupaing pansakahan sa mga apektadong lugar. Karagdang 300 pamilya (na katumbas ng 2,500 indibidwal) mula sa Bangad, Lubuagan, Dangtalan, Guinaang at Naneng ang nakatakandang mawalan ng lupaing pansakahan na nagkakahalaga ng P38,250,000.²²

¹⁷ Cariño, *The Chico River*, 4-5.

¹⁸ Ayon kay Cariño (*The Chico River*, 4), ang kabuuang *catchment area* ay tinatayang aabot sa 1,400 kilometro kuwadrado. Mas malawak ang ginawang pagtatataya ng ulat ng Montañosa Social Action Center (MSAC) na umabot ng 3,419 kilometro kuwadrado (Montañosa Social Action Center, "The Chico River Basin Development Project: A Case Study on Development", [di-nalathalang manuskrito], nakamakinilya, 1).

¹⁹ Cariño, *The Chico River*, 4.

²⁰ Ma. Ceres P. Doyo, "Macli-ing Dulag: Kalinga Brave," nasa *Seven in the Eye of History*, pat. Asuncion David-Maramba (Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2000), 139.

²¹ Leandro L. Alejandro, "Macli-ing Revisited: This is no time for crying", *WHO*, Mayo 16, 1981, 8.

²² Doyo, *Macli-ing Dulag*, 139.

Tatlong ahensya ng gobyerno ang inatasan ng diktadura para sa kabuuang implementasyon ng CRBDP: ang *National Power Corporation* (NPC), *Presidential Assistant on National Minorities* (Panamin) at militar. Ang NPC ang nanguna sa implementasyon ng mga teknikal na hakbang para sa konstruksyon ng mga saplad. Ang mga inhinyero at *surveyors* nito ang sapilitang pumasok sa mga pamayanan para magsagawa ng sarbey sa mga *damsites*. Ang korporasyon din ang namahala sa maanomalya at mapanlinlang na programa ng reloksyon para sa mga pamilyang apektado ng proyekto.²³

Ang Panamin, sa kabilang dako, ang nagtuon sa mga istrategiya ng gobyerno para sa pampublikong relasyon nito sa kahabaan ng ilog Chico. Ayon sa pagkarehistro nito sa *Securities and Exchange Commission* (SEC) bilang isang *private foundation* noong 1968, layunin ng ahensya na “bumalangkas, magpatupad, at manguna sa mga proyektong sosyoekonomiko na nakadisenyong tulungan ang mga grupong minorya sa bansa.” Naging ganap itong ahensya ng gobyerno pagsapit ng Mayo 1975 nang ipalit ito sa binuwag na *Commision on National Integration* (CNI). Upang “tiyakin ang katarungan at proteksyon ng mga pangkat etniko sa Pilipinas,” hinirang ni Marcos ang kanyang *crony* na si Emmanuel “Manda” Elizalde bilang kalihim ng Panamin.²⁴ Gayumpaman, naging personal na palabigasan lamang ni Elizalde ang ahensya. Milyon-milyong pisong halaga para sa mga proyekto nito ang ibinulsa ng kalihim.²⁵ Napabantog rin ang Panamin sa mapanlinlang na “pagkakatuksa sa mga Tasaday” na pinalabas bilang mga “taong *stone age*.”²⁶ Balintunang naging instrumento ang Panamin laban sa mga pangkat etniko sa bansa. Ginipit at niligalig nito ang mga katutubong pamayanang lumaban sa mga “proyektong pangkaunlaran” ng diktadura. Sa ilog Chico, ipinatupad ng Panamin ang mga taktika ng panunuhol, intimidasyon, panlilinlang at paghahati-at-pagsakop sa mga pamayanan. Itinatag ng Panamin ang kontrobersyal na Kalinga *Special Development Region* (KSDR) bilang karagdang instrumento ng panlilinlang at agresyon sa mga katutubong pamayanan.²⁷

²³ “Kalinga-Apayao to have a big dam,” *Times Journal*, Agosto 12, 1975, 4; “Relocation drive for K-A residents okayed,” *Baguio Midland Courier*, Hulyo 25, 1976, 1-2; “Allocate 1,500 hectares for KSDR relocation,” *Baguio Midland Courier*, Abril 11, 1976, 2; “200 hectares set aside for relocation in Kalinga,” *Baguio Midland Courier*, Agosto 8, 1976, 8 at 13.

²⁴ Ricardo Manapat, *Some Are Smarter Than Others: The History of Marcos' Crony Capitalism* (New York: Aletheia Publications, 1991), 258.

²⁵ Manapat, *Some Are Smarter*, 260.

²⁶ Robin Hemley, *The Invented Eden: The Elusive, Disputed History of the Tasaday* (Pasig City: Anvil Publishing, 2004).

²⁷ “Kalinga Special Development Region (KSDR) Joint Inaugural Souvenir Program”, nakamakinilya, 1-2. Binanggit din sa MSAC, *The Chico River*, 37.

Ang militar naman ang tumiyak sa seguridad ng mga ahensyang nabanggit sa implementasyon nila ng proyekto. Naging instrumento rin ito sa pananakot, panliligalig at, sa maraming pagkakataon – pamamaslang sa mga oposisyunistang katutubo. Bukod sa hukbo ng *Provincial Philippine Constabulary* (114th PC Bn) na dati nang nakabase sa Tabuk, karagdagang mga batalyon ng mga sundalo ang idinagsa ng gobyerno sa kahabaan ng ilog Chico. Noong Agosto at Disyembre, 1977 ay dumating sa Kalinga-Apayao ang 55th PC Bn at 60th PC Battalion, ayon sa pagkakasunod-sunod.²⁸ Nasundan ito ng pagdestino sa lalawigan ng 51st PC Bn noong Pebrero 1979. Dumating naman sa ilog Chico ang 44th Army Battalion, ang unang batalyong Army na itinalaga sa lalawigan, noong Oktubre 1979.²⁹ Karagdagang puwersang sibilyan ang inarman ng Panamin sa lugar nang itatag nito ang Citizens Home Defense Force (CHDF) sa ilang oposisyunistang pamayanan. Sa kabuuan, ang mga hukbong ito ang nagpatupad ng marahas na militarisasyon sa kahabaan ng ilog Chico na nagbunga sa mahabang tala ng pang-aabuso sa karapatang-pantao ng taumbayan.

Inisyal na tugon ng mga pamayanan: Indibidwal na pagtindig kontra sa mga saplad

Nakarating sa kaalaman ng mga Kalinga at Bontok ang hinggil sa planong saplad nang magsimulang dumagsa sa mga pamayanan ang iba't ibang pangkat ng mga inhinyero ng NPC kasama ang mga armadong sundalo upang magsagawa ng sarbey sa kanilang mga lugar. Walang pormal na konsultasyon at pagpapabatid ang NPC sa mga pamayanang ito kaya ito ang unang pagkakataong nalaman ng mga katutubo ang hinggil sa proyekto.

Magkakahiwalay at indibidwal na tugon ang itinindig ng mga apektadong pamayanan sa unang yugto ng oposisyon laban sa CRBDP. Sa Mt. Province, sinalubong at itinaboy ng mga katutubong armado ng mga sibat at itak ang mga inhinyero ng NPC at mga sundalong kasama nila. Sa ilang pamayanan, sinalubong ng mga kakabaihang nakalantad ang dibdib ang pangkat ng NPC na napilitang umatras.³⁰ Noong 1974, sa inisyal na pagpasok ng NPC, sinalakay ng mga hubad na kababaihang Bontok ang isang kampo ng ahensya, inilantad ang kanilang mga dibdib, at sinira ang mga istruktura ng nasabing kampo.³¹

²⁸ Doyo, *Macli-ing Dulag*, 140.

²⁹ Cariño, *The Chico River*, 6.

³⁰ Cariño, *The Chico River*, 7.

³¹ Castro, *A Peek Into Cordilleran History*, 172.

Matibay na oposisyon ang kinaharap ng NPC sa mga pamayanan sa Sadanga, Mt. Province. Partikular na apektado ng proyekto ang mga pamayanan ng Anabel, Tucocan, at Betwagan na wawasak sa 500 tahanan na magbubunga sa dislokasyon ng tinatayang 3,000 mamamayan, at paglubog ng 120 ektarya ng matatabang lupang pansakahan.³² Isinailalim ng mga armadong katutubo sa istriktong pagtatanod ang bawat kilos ng mga inhinyero ng NPC dumayo sa kanilang mga lugar. Nilimitahan ng mga tao ang mga lugar na maaring puntahan ng grupong ito. Sa katunayan, kinailangan pang lumulan sa helikopter ng mga inhinyero sa pagsasarbey sa mga lugar na pinagbawalan silang makapasok. Tinangka ng NPC na magpamudmod ng *electric generator sets* sa mga pamayanan para ipakita sa mga tao ang benepisyo ng elektripikasyon ngunit ito ay matatag na tinanggihan ng taumbayan.³³

Isang delegasyon ng mga Bontok ang nagsadya sa Malakanyang upang iparating sa Pangulo ang kanilang pagtutol sa proyekto. Ngunit pinawalang-saysay ni Marcos ang kanilang oposisyon bilang “sentimental” at pinabalik nito ang nasabing delegasyon sa Mt. Province tangan ang pangako ng “maayos na relokasyon” at “wastong kabayaran para sa lahat ng mga ari-ariang mapipinsala bunga ng proyekto.”³⁴

Sa Bugnay (Tinglayan, Kalinga-Apayao), itinaboy ng mga armadong kalalakiang Butbut ang sinumang magtangkang pumasok sa pamayanan para magsagawa ng sarbey at inisyal na pag-aaral sa *rock formation* ng lugar. Kinonsolida ng mga Butbut ang kanilang hanay upang bantayan at pigilan ang pagtatangka ng NPC na pumasok sa kanilang teritoryo. Bumalangkas din ang *papangat* ng Bugnay ng mga alituntuning mahigpit na ipinatupad sa loob ng pamayanan gaya ng pagtangga ng taumbayan anumang bagay o halagang ibibigay ng NPC. Layunin ng mahigpit na kontrol na labanan ang nakasanayang istrategiya ng mga ahensya ng gobyerno suhulan ang taumbayan at bayaran ang mga katutubong lider.³⁵

Unang hakbang tungo sa pagbubuklod: Ang *bodong* sa Tanglag, Lubuagan

Humakbang sa mas mataas na antas ang pakikibaka ng mga Kalinga pagsapit ng 1975. Pagkaraan ng sunod-sunod na kabiguan ng kanilang indibidwal na

³² “Predict end of RP energy crisis by 1985”, *Bulletin Today*, May 26, 1975, 1.

³³ Montañosa Social Action Center, *The Chico River*, 4.

³⁴ Cariño, *The Chico River*, 7.

³⁵ Roderick Javar. Panayam kay Man-nay Gunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Abril 29, 2004.

oposision nang nakaraang taon, napagtanto ng mga dating nagdirigmaang pamayanan ang mahigpit na pangangailangang ikonsolida ang kanilang hanay. Pansamantalang isinantabi ng mga pamayanang ito ang mga hidwaang sintanda na ng panahon upang magbuklod at labanan ang proyekto. Ginanap sa Tanglag, Lubuagan noong ika-14 ng Pebrero 1975 ang unang multilateral na *bodong* sa pagitan ng mga apektadong pamayanan sa Kalinga. Inorganisa ang pagtitipong dinaluhan ng iba't ibang lider at mga mamamayan na tinayang umabot sa bilang na 1,000.³⁶ Pagbalikwas ito sa tradisyunal na katangiang bilateral ng *bodong*. Sa kauna-unahang pagkakataon ay isinagawa ito sa antas multilateral o sa pagitan ng higit sa dalawang pamayanan.

Kinilala't pinahalagahan sa pagtitipon ang bisa't pangangailangan para sa kolektibismo at pagbabalikatan upang higit na mapalakas ang oposision kontra CRBDP. Nabigyang diin ito sa mga talumpati ng mga dumalong *papangat*. Isang 'di-napangalanang *pangat* mula sa Gawgaw ang naghambing sa puwersahang pagpasok ng NPC at militar sa ilog Chico bilang "hindi naiiba sa agresyon noon ng mga Kastila, Amerikano at Hapon" na nilabanan ng kanilang mga ninuno. Ang tanging pagkakaiba ng mga saplad, aniya, ay "gobyerno [at] mga Pilipino ang umaatake sa atin [ngayon]."³⁷ Umangat din sa pagtitipon ang mapanindigang pahayag ni Macli-ing Dulag ng Bugnay. Ganito ang naitalang pahayag niya sa halaga ng pagtindig ng taumbayan laban sa proyekto:

Kung ang katubigan ng Pasil at Kaykayam³⁸ ay sasaplaran, sino ang maninirahan sa binakurang tubig? Mga buwaya! Sino ang kakainin ng mga buwaya? Mga tao! Ang usapin hinggil sa mga saplad ay hindi simpleng politikal. Ang usapin ay tungkol sa buhay, ang paraan ng aming pamumuhay na mga Kalinga. Ano ang pinakamahalagang bagay para sa tao? Buhay! Kung may banta sa buhay, ano ang dapat gawin ng tao? Lumaban! Ito ang dapat gawin ng tao sapagkat kung hindi ay mawawalan siya ng dangal. Mas malubha ito kaysa sa kamatayan. Kung hindi tayo lalaban at maitayo ang mga

³⁶ Episcopal Commission on Tribal Filipinos (ECTF), National Secretariat for Social Action, Justice and Peace, Ecumenical Movement for Justice and Peace, and Anthropological Association of the Philippines (UGAT), "First Consolidated Report of the Fact-Finding Mission on the Kalinga Crisis and the Case of Macli-ing Dulag" (manuskrito, May 1980), nakamakinilya, 11. Binanggit din sa "Data-sheet on the person of Macli-ing", 2.

³⁷ "Happenings in Lubuagan" (Ulat at katitikan ng pagtitipon, 1975), nakasulat-kamay, walang pahinasyon.

³⁸ Ang "Kaykayam" ay tradisyunal na tawag ng mga Kalinga sa ilog Chico.

saplad, tiyak na tayo ay mamamatay. Kung tayo ay lalaban, mamamatay tayong may dangal. Mga kasama, lumaban!³⁹

Ayon sa mga nakasaksi, itinarak ni Dulag sa lupa ang hawak niyang sibat at pagkaraan ay dumura ito sa lupa. Ang pagdura ay simbolo ng pagtutol sa katutubong tradisyong Kalinga. Sa puntong ito, isang kapwa *pangat* niya ang nagsabi, “Maaring maliliit ngunit marami tayo. Kung dudura tayong lahat, malulunod sa ating mga dura ang mga mapang-api!”⁴⁰ Malinaw at kapansin-pansin, sa puntong ito, ang pagsibol at pangingibabaw ng kolektibong diwa at pagkakaisa ng mga pamayanan. Nagpatuloy si Dulag at hinikayat ang mga kasama na magsakripisyo para sa magandang kinabukasan ng susunod na salinlahi:

Sapagkat handa tayong lumaban, mapagwawagian at mapapanatili ng ating mga anak ang lupain ng Kalinga. Ang lupain ay magiging higit na sagrado, at pagyayamanin ng ating mga pawis at dugo. Lahat ng mga nagsakripisyo upang matiyak na mabubuhay at magiging masaya ang ating mga anak ay mananatili upang pagyamanin ang mga susunod na salinlahi, ipagtanggol ang mga bukirin at pamayanan, at pagpalain ang kanilang mga buhay magpakaylanman.⁴¹

Tatlong mahahalagang desisyon ang nabuo sa pagtitipon. Una, nagkakaisang hinirang ng mga dumalo si Dulag bilang opisyal na tagapagsalita ng oposisyong Kalinga. Pangalawa, napagpasyahan ang pagdaraos ng panibagong *bodong* upang mayakag sa hanay ng oposisyon ang sinumang apektadong pamayanan na hindi nakadalo sa Tanglag. At pangatlo, makikipag-ugnayan ang mga Kalinga sa mga oposisyunistang Bontok para sa pinagkaisang lakas ng oposisyon. Binalangkas at inaprubahan din nila ang 7-puntong *pagta* ng *bodong* na ito na naglinaw na:

- 1) Nasa labas ng proteksyon ng *bodong* ang mga indibidwal na nagseserbisyo para sa mga ahensya ng gobyerno na

³⁹ Malayang salin ng may-akda. Mula sa “Memorial Service for Macli-ing Dulag,” (nakamakinilya, walang petsa), 2. Ang nasabing talumpati ay nabanggit din ni Mariflor Parpan-Pagusara, “The Kalinga Ili: Cultural-Ecological Reflections on Indigenous Theoria and Praxis of Man-Nature Relationship”, *Dakami Ya Nan Dagami: Papers and Proceedings of the First Cordillera Multisectoral Land Congress* (Baguio: Cordillera Consultative Committee, 1984) 47; at Castro, *A Peek in Cordilleran History*, 174.

⁴⁰ Malayang salin ng may-akda. “Memorial Service for Macli-ing Dulag,” 2.

⁴¹ “Memorial Service for Macli-ing Dulag”, 2. Makikita rin sa Parpan-Pagusara, *The Kalinga Ili*, 47; at Castro, *A Peek in Cordilleran History*, 174.

sangkot sa kontruksyon ng mga saplad gaya ng Panamin,
KSDR, NPC at *Ministry of Human Settlements*;

- 2) Nasa labas ng proteksyon ng *bodong* ang mga sasapi o makikipagtulungan sa *Kalinga Special Forces*;
- 3) Hindi responsable ang *bodong* sa mga sundalo (na kasapi o nagmula sa mga pamayanang katutubo) na mapapaslang sa mga operasyong militar kaugnay ng proyekto;
- 4) Nasa labas ng proteksyon ng *bodong* ang mga sundalong nagbabakasyon ngunit may intensyong manakit sa taumbayan o gumawa ng pang-aabuso laban sa mga tao;
- 5) [Kaugnay ng ika-apat], protektado ng *bodong* ang mga sundalong hindi armado, hindi nakasuot ng kanyang uniporme, at hindi nananakit sa taumbayan;
- 6) Hindi protektado ng *bodong* ang mga espiya at ahente ng NISA, MIG, CIS, CSU, ISAFP⁴² at iba pang ahensyang military; at
- 7) Magkakaisa at magtutulungan ang taumbayan sa pagpapatulad ng mga alintuntuning ito at sa paglaban sa proyektong saplad.⁴³

Sinumang nasasaklaw at protektado ng *bodong* ay bahagi ng proteksyon nito at ng mga pamayanang nasasakop ng kasunduan. Tungkulin ng sinumang napapaloob sa *bodong* na proteksyunan ang buhay ng mga kaalyado. May nakaugnay na responsibilidad sa bawat pamayanan na tumalima rito. Anumang pagpapabaya o pagtalikod sa tungkuling ito na magbubunga sa pagkapaslang, o sa ilang pagkakataon – ay maging dahilan ng pamamaslang – ng mga kaalyado ay ikababagsak ng kasunduan. Kaya nga naisantabi ng mga dating magkakaaway na pamayanan ang kanilang mga hidwaan at naging magkakasangga sila para sa proteksyon ng isa't isa. Bise bersa, ang mga indibidwal na nasa labas ng kasunduan ay nasa labas din ng proteksyon nito – kahit pa kasapi o nagmula sila sa mga oposisyunistang pamayanan. Kabilang sa

⁴² NISA – National Intelligence and Security Group, MIG – Military Intelligence Group, CIS – Constabulary Investigative Service, CSU – Constabulary Security Unit, at ISAFP – Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines.

⁴³ Malayang salin ng may-akda. *Pagta ti Bodong*, (nakamakinilya), Tanglag, Lubuagan, Pebrero 14, 1975.

minoryang ito ang mga katutubong naging kawal at/o espiya ng militar, mga bayarang trabahador sa konstruksyon ng saplad, at mga kawani ng mga ahensyang tagapagpatupad ng proyekto. Ang pagkapaslang sa mga katutubong itinuturing na mga ‘traydor’ at ‘kaaway’ ng mga pamayanan ay hindi saklaw ng proteksyon ng *pagta*.

Partikular ang diin ng *pagta* laban sa militar, lalo na sa mga kawal at ahente nito – na sa pananaw ng mga katutubo ay pangunahing mga instrumento ng marahas na agresyon ng gobyerno sa ilog Chico. Naharap sa iba’t ibang uri ng pang-aabuso ang taumbayan mula nang dumagsa ang iba’t ibang batalyong militar sa kanilang mga pamayanan. Ayon sa ulat ng *Cordillera Committee on Justice and Peace* (CCJP), ang pang-aabuso ay sumaklaw mula sa pang-aagaw sa pagkain ng taumbayan, sapilitang pagkuha sa kanilang mga alagang hayop (tulad ng kalabaw, baka, baboy, aso at manok) hanggang sa panggagahasa sa kababaihan, panggugulpi sa mga tao, iligal na pag-aresto at pagkulong, at pamamaslang ng mga tao.⁴⁴ Dagdag ng mamamahayag na si Margarita Logarta, kabilang sa kalupitan ng militar ang pandarambong sa mga pamayanan, panununog ng mga kamalig, pang-aabusong sekswal sa mga babae, pagkatay ng mga alagang hayop ng mga tao, at iligal na paghahalughog sa mga tahanan at pampublikong sasakyan.⁴⁵ Hindi nakapagtataka kung gayon ang galit ng taumbayan sa mga “*chuchacho*.” Ito ang tawag ng mga Kalinga sa mga sundalo at ito, paliwanag ni Rene Villanueva, ang “pinakamumuhiang kataga sa mga katutubong pamayanan sa kabundukan.”⁴⁶

Sa isang kantahing-bayan ng mga Kalinga, tinukoy ng mga katutubo ang militar bilang “mga nagpapahirap sa mga mamamayan.” Para sa kanila, ang militar at iba pang armadong tropa ng gobyerno tulad ng *Civilian Home Defense Force* (CHDF) ay tila mga sunud-sunurang “aso ng pamahalaan” na nagdudulot ng kapahamakan sa buhay ng taumbayan.

*Annaya ibagami
Ay nan ilisko ilimi,
Adis agkamkamali,
Ta di biag mapardi
PANAMIN, KSDR,*

Ito ang nais naming ipaabot
Pamayanan ninyo at sa amin,
Upang hindi mapahamak,
ang ating buhay
PANAMIN, KSDR,

⁴⁴ Cordillera Committee on Justice and Peace, “Militarization Comes in the Chico Valley”, (manuskrito, 1980), nakamakinilya, 4-5.

⁴⁵ Malayang salin ng may-akda. Margarita Logarta, “The Macli-ing Dulag Case: Isn’t Jailing the Killer Enough,” *WHO*, Disyembre 21, 1981, 26.

⁴⁶ Malayang salin ng may-akda. Rene Villanueva, “A Reign of Terror in the Kalinga Highlands,” *WHO*, Hunyo 21, 1980, 7; Doyo, *Kalinga Brave*, 145.

<i>Ya sipsip, ya soldado</i>	espiya, at sundalo
<i>CHDF ken pulis—</i>	CHDF at pulis—
<i>Dayta ti kalaban tayo.</i>	Sila ang mga kaaway.
<i>Aso-ason ti gobierno</i>	mga aso ng pamahalaan
<i>Mampaparigat sin umili</i>	na nagpapahirap sa mga
mamamayan	
<i>Dongdong-ay sidong-ilay</i>	<i>Dongdong-ay sidong-ilay</i>
<i>Insinalidumay</i>	<i>Insinalidumay</i> ⁴⁷

Isa pang katutubong awit ang nagbigay diin sa pang-aabuso sa taumbayan ng mga sundalo ng diktadura sa ilog Chico:

<i>Narigat baleleng ti soldado</i>	Mahirap maging sundalo
<i>Soldadom Marcos a tonto,</i>	maging sundalong istupido ni
Marcos,	
<i>Mamparigatda ti tao</i>	Nagpapahirap sila ng mga tao
<i>Agtakawda pay baleleng iti aso</i>	Nagnanakaw pa sila ng alagang aso
<i>Narigat baleleng ti AFP</i>	Mahirap maging sundalo
<i>Kabusor ti umili</i>	kinamumuhian ng mamamayan
<i>Umayda pay agperperdi</i>	Dumating upang mangwasak
<i>Ag-rape da pay baleleng ti babbae</i>	At manggahasa ng kababaihan ⁴⁸

Tuluyang konsolidasyon ng oposisyong Kalinga at Bontok: Ang *bodong* sa Lungsod Quezon

Ang planong inilatag ng mga oposisyunistang Kalinga sa Tanglag noong Pebrero para makipag-ugnayan at makipagbuklod sa mga Bontok ay natupad sa Lungsod Quezon. Naganap ang panibagong *bodong* ng kilusang anti-saplod noong ika-10 hanggang ika-12 ng Mayo, 1975 sa *St. Bridget's School* sa nasabing lungsod. Tinawag na *Vochong Conference on Development*, ang pagtitipon ay dinaluhan ng mahigit 150 kinatawan mula sa mga pamayanang Bontok at Kalinga. Sa tulong ng papangat ay inorganisa ito ng *Share and Care Apostolate for Poor Settlers* (SCAPS) at *Episcopal Commission on Tribal Filipinos* (ECTF) ng *Catholic Bishops Conference of the Philippines* (CBCP).⁴⁹ Ito ang kauna-unahang multilateral na *bodong* sa pagitan ng mga oposisyunista na ginanap sa labas ng

⁴⁷ Malayang salin ng may-akda. Norma Lua, *Butbut History on Wings of Songs* (Baguio: Cordillera Studies Center, 1987), 97-98.

⁴⁸ Malayang salin ng may-akda. Lua, *Butbut History*, 130.

⁴⁹ "Vochong: A Conference on Development; Participative Planning and National Development – The Case of the Bontocs and Kalingas and the Chico River Basin Development Project", (di-nalathalang manuskrito, 1975), nakamakinilya, 1.

Kalinga-Apayao at Mt. Province at unang pormal na pagtitipong dinaluhan ng mga Kalinga at Bontok. Sa kabila ng distansya mula sa kani-kanilang mga pamayanan ay nagsadya sa Maynila ang maraming lider “upang maisatinig ang kanilang mga hinaing at opinyon” hinggil sa proyekto. Nag-ambagan ang mga mamamayan para sa halagang ginamit sa transportasyon ng kani-kanilang delegasyon.⁵⁰ Nakalikom din ang mga tagasuporta mula sa Simbahan para sa pagkain ng mga katutubo. May ilang parokya sa Baguio at bayan ng Bontoc ang nagpahatid ng kanilang donasyon mula sa mga abuloy at koleksyon sa mga misa.⁵¹

Pangunahin sa posisyong isinulong ng mga dumalo ang pagbasura sa programa ng relokasyon ng Panamin at NPC; at pagtutol sa pakikipagkumpromiso ng mga pamayanan sa mga mapanlinlang na alternatibo ng gobyerno.⁵² Mariing binatikos ng mga Kalinga at Bontok ang napabalitang pagtanggap ng ilang taga-oposision sa pangakong pagpapababa ng lebel ng tubig sa mga itatayong saplad kapalit ng pagtanggap ng mga mamamayan sa proyekto. Binigyang diin ng *papangat* na ang oposision ng mga katutubo laban sa saplad ay nangangahulugan ng lubusang pagtutol sa konstruksyon ng proyekto kung kaya’t walang puwang ang anumang pakikipagkumpromiso. Tampok sa pagtitipon ang pagbalangkas ng *papangat* sa 6-puntong *pagta* ng kasunduan kung saan nakasaad ang mga sumusunod na alituntunin:

- 1) Ang mga mamamayang apektado ng CRBDP ay pinagbabawalang maglingkod, sa anumang paraan, para sa nasabing proyekto ;
- 2) Kung may mapaslang na Kalinga o Bontok habang naglilingkod para sa konstruksyon ng saplad, ang nakapatay o ang pamayanang kinabibilangan niya ay hindi uusigin ng mga alituntunin ng *bodong*;
- 3) Bibigyang-babala ng mga pamayanan ang mga sundalong Kalinga at Bontok laban sa pagmamalupit nila sa taumbayan,;
- 4) Pinagbabawalan ang lahat mula sa mga apektadong pamayanan sa pagbebenta ng kanilang kalakal o pagbibigay ng pagkain sa mga kawani at manggagawa ng NPC;

⁵⁰ Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Abril 28, 2004.

⁵¹ “Happenings in Kalinga-Apayao” (Katitikang nakasulat-kamay, 1975), walang pahinasyon.

⁵² Roderick Javar. Panayam kay Lakay Chogchay. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Mayo 1, 2004.

- 5) Sinumang mapatunayang tumanggap ng suhol laban sa interes ng taumbayan ay papatawan ng karampatang parusa – kabilang ang kamatayan; at
- 6) Hindi maapektuhan ang umiiral na mga kasunduan sa pagitan ng mga pamayanan kung sakaling may mapaslang sa kanilang panig bunga ng paglilingkod nito para sa proyekto. Tahimik na kukunin ng kanyang mga kamag-anak ang bangkay at mahigpit silang pinagbabawalang maghiganti.⁵³

Bukod sa mga talumpati ng *papangat*, nagbigay din ng pahayag sina Rufino Tema ng *Institute of Ethnic Studies in Asia* (IESA), Senador Jose Diokno, at Obispo Francisco Claver.⁵⁴ Isiniwalat ni Sen. Diokno sa kanyang talumpati ang mga ilegal na aspeto ng CRBDP, habang kinwestyon naman ni Obispo Claver ang katwiran sa likod ng panawagan ng diktadura na magsakripisyo ang mga katutubong pamayanan para sa “kaginhawaan ng nakararami.” Napagkasunduan sa pagtitipon ang pagtatatag ng *Ad Hoc Committee for Bontoc and Kalinga* na mangunguna sa koordinasyon sa mga katutubong oposisyunista at sa mga tagasuportang organisasyon mula sa Maynila at Baguio. Naghanda rin ang mga katutubo ng kanilang liham para kay Pangulong Marcos na nanawagang ipatigil nito ang konstruksyon ng mga saplad at ang kaugnay na militarisasyon sa mga pamayanan. Hiwalay na liham ang sinulat para kina Robert McNamara, pangulo ng *World Bank*; at Felimon Rodriguez, pangulo ng *Engineering Development Corp of the Phil* (EDCOP). Sa liham para kay McNamara, mariin nilang tinutulan ang pangakong pagpondo ng WB sa mga saplad at binigyangdiin na ang suportang pinansyal nito para sa CRBDP ay pagwasak sa 10 pamayanang Kalinga at 6 na pamayanang Bontok. Nanawagan naman ang mga katutubo, sa liham nila kay Rodriguez, na huwag magpakasangkapan ang EDCOP sa *genocide* ng mga kababayang Pilipino.⁵⁵ Isang baboy ang kinatay ng mga katutubo sa pagtatapos ng pagtitipon upang tingnan ang kahihinatnan ng kanilang pakikibaka. Lumabas sa pagsuri sa atay ng kinatay na hayop na “magiging mahaba ang kanilang laban ngunit sa huli ay mapagtatagumpayan ito ng taumbayan.”⁵⁶

⁵³ “Vochong: A Conference on Development,” 1.

⁵⁴ MSAC, *The Chico River*, 13.

⁵⁵ MSAC, *The Chico River*, 14.

⁵⁶ Cariño, *The Chico River*, 13.

Mahalagang yugto ng oposisyon ang *bodong* sa lungsod Quezon. Hindi lamang nito pinagbuklod ang hanay ng mga oposisyunistang Kalinga at Bontok kundi naghawang-daan din sa pagtanggap ng mga katutubo sa higit na suporta mula sa labas. Kinakitaan ng mas aktibong papel sa oposisyon ang mga tagasuporta mula sa Simbahan, mga indibidwal na akademiko't manunulat, at grupo ng mga abogado gaya ng Free Legal Assistance Group o FLAG. Higit ding nagkainteres ang midya hinggil sa sitwasyon sa ilog Chico at naramdaman ng gobyerno ang paglakas ng panawagan mula sa mga internasyonal na grupong sumuporta sa mga katutubo. Kalauna'y inanunsyo ng gobyerno, bunga ng kabi-kabilang presyur, ang pagbasura sa mga plano para sa Chico I at III; at pansamantalang suspensyon ng Chico II. May ilang oposisyunista ang tumingin sa desisyong ito ng Malakanyang, gayumpaman, bilang bahagi ng taktika ng gobyerno na hatiin ang hanay ng oposisyon at paguhuin ang naipundasyong pagkakaisa sa pagitan ng mga Kalinga at Bontok. Paliwanag ni Nestor Castro, paraan ito ng diktadura para pahinain ang oposisyon sa pagsasabi sa ilang pamayanan na "hindi na sila apektado ng proyekto" at kung gayon ay "wala na silang dahilan pa para labanan ang mga saplad."⁵⁷

Samantala, binago ng *bodong* sa lungsod Quezon ang marami sa mga katutubong proseso at mga ritwal. Halimbawa, isinantabi ng mga katutubong kalahok ang tradisyonal na obserbasyon sa mga palatandaan sa kapaligiran bago tumulak sa pakikipagtipon. Sa tradisyonal na proseso, mataman ang pagmamasid at pagsuri ng mga kalahok sa mga palatandaang ito gaya ng huni ng ibong *idaw* o direksyon ng hangin. Karaniwang ipinagpapaliban ang paglalakbay tungo sa pagdarausan ng *bodong* kung negatibo ang resulta ng obserbasyon at pagsusuri. Muling mamatyagan ang makikita o mararamdamang palatandaan habang nasa daan ngunit madalas na ipinagsasawalang-bahala na lamang ang mga ito hangga't positibo ang unang interpretasyon bago ang paglalakbay. Hindi rin naidaos sa lungsod ang tradisyonal na *pangili* o pagsalubong ng may-bisita / pamayanang pagdarausan sa pagdating ng mga kinatawan mula sa ibang pamayanan. Integral na yugto ang *pangili* bago ang *lonok* o pag-uusap ng *papangat*. Sa kaso ng *bodong* sa St. Bridget's School, mga tagasuportang taong-simbahan ang tumayong may-bisita at punong-abala sa pagtitipon. Sa tradisyon, ang *pangili* ay isinasagawa sa pamamagitan ng maramihang pagsasayaw ng mga kalahok sa sentro ng pamayanan sa saliw ng *oggayam*, *ullalim* o *dango*. Inihahain sa lahat ang pinakamasarap na inuming *tapey* at iba't ibang pagkain. Paliwanag ng isang impormante noong 2003, hindi naging malaking usapin sa mga Kalinga at

⁵⁷ Castro, *A Peek Into Cordilleran History*, 174.

Bontok kung sino ang tumayong may-bisita sa pagtitipong ito sapagkat “napatunayan nilang kasangga ng taumbayan ang mga taong-simbahan” at iba pang nakadaupang tagasuporta sa lungsod.⁵⁸ Ayon sa tradisyon, mahigpit na ipinagbabawal ang pagtitipon sa lugar na walang umiiral na *bodong* sa alinman sa mga kalahok na pamayanan sapagkat walang garantiya ng proteksyon sa mga dadalo. Naging bukas din ang mga katutubo sa pag-angkop sa sitwasyon na nagbunga sa pansamantalang pagsasantabi ng mga katutubong ritwal sapagkat “mas malaki pa kaysa sa kanila ang nakaatang na mga hamon.”⁵⁹

Ang insidente sa Tomiangan at maramihang pag-aresto at pagkulong sa mga oposisyunista

Naging mas agresibo ang Panamin, NPC at militar sa pagpasok sa mga *damsites* pagsapit ng 1976. Sa tulong ng militar, ilang ulit tinangka ng NPC na magtambak ng mga makinarya at kagamitang pangkonstruksyon nito sa *damsite* ng Chico IV. Ilang ulit itong nabigo bunga ng araw-araw na pagtatanod ng taumbayan sa bukana ng pamayanan. Noong Abril 7, 1976 dalawang ulit nilang nahadlangan ang sapilitang pagpasok ng mga inhinyero ng NPC.⁶⁰ Naulit ang pagtatangka ng NPC noong ika- 8 ng Mayo nang tangkain nitong magtayo ng isang himpilang-tolda, sa tulong ng pinagsamang puwersa ng pulisya at Philippine Constabulary (PC), malapit sa tulay ng Tomiangan. Bago pa man makapagsimula ng kanilang konstruksyon, hinabol ng mga mamamayang armado ng sibat at itak ang pangkat ng mga inhinyero at *surveyors* na napilitang umatras patungong Lubuagan. Kinagabihan ng araw na ito, nagbalik ang NPC at militar at muling tinangkang magtayo ng kampo sa paanan ng tulay. Agad nagpadala ang Tomiangan ng mga emisaryo sa bawat pamayanang kapanalig nito upang ipabatid ang kaganapan sa *damsite*. Sa maikling panahon, mahigit 500 Kalinga mula sa Tanglag, Cagaluan, Ableg, at Bugnay ang dumagsa at nagkonsolida ng kanilang depensa. Sama-sama nilang pinasan ang mga materyales pangkonstruksyon ng NPC at dinala sa kalagitnaan ng gabi, pabalik sa baraks ng PC sa Bulanao, Tabuk bilang protesta.⁶¹ Kasama ang mga kababaihan at mga bata sa pagpasan sa mabigat na mga kagamitan patungong Bulanao na tinatayang 28 kilometro ang layo. Ika-4 ng madaling-araw kinabukasan nang marating nila ang baraks. Ipinagpatuloy ng mga

⁵⁸ Roderick Javar. Panayam kay Ka Sungar. Bontoc, Mt. Province. Mayo 3, 2003.

⁵⁹ Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday.

⁶⁰ “Kalinga Case: Chico Dam 4 (A Report from Major Mariano, Assistant Provincial Commander of PC Command, Bulanao, Kalinga-Apayao),” (Nakamakinilya, 1976), 1.

⁶¹ MSAC, *The Chico River*, 35-36.

oposisyunista ang 24 oras na pagtatanod sa lugar sa loob ng sumunod na tatlong linggo.⁶²

Samantala sa Lubuagan, isang malaking okasyon ang inorganisa ng Panamin noong Mayo ika-15 at ika-16 para sa pormal na inagurasyon ng *Kalinga Special Development Region* (KSDR). Nakalagay sa ipinamudmod na imbitasyon sa mga tao ang magkakahiwalay na pahayag mula sa Pangulong Marcos, Kalihim Elizalde, at Gob. Tanding Odiem na nangangako para sa kaunlaran ng mga pamayanan at magandang kinabukasan para sa taumbayan.⁶³ Ilang mamamayan lamang ang dumalo sa okasyon sa kabila ng magarbong paghahanda. Mayorya ng taumbayan ang sa halip ay nagtungo sa Tomiangan upang magbigay-suporta sa mga nagtatanod sa tulay. Malaking bahagi sa 500 kataong dumalo sa inagurasyon ng KSDR ay nagmula sa mga 'di-apektadong pamayanan na inimitahan ng Panamin. Sa kabilang dako, umabot sa mahigit 2,500 katutubo ang nagtipon-tipon sa Tomiangan.⁶⁴

Muling dumagsa sa Tomiangan noong Mayo 1976 ang mahigit 1,500 oposisyunistang Kalinga. Sama-sama nilang giniba ang mga himpilang-toldang naitayo ng PC sa lugar. Binalak ng mga tao na itambak ang materyales nito sa harap ng tahanan ni Gob. Odiem sa Tabuk. Protesta nila ito laban sa proyekto at sa kawalan ng aksyon ng gobernador para sa kapakanan ng mga apektadong mamamayan.⁶⁵ Tugon sa banta ng dumagsang taumbayan, binakuran ng mga sundalo ng kawad na may tinik (*barbed wire*) at pader na bato ang palibot ng kanilang natitirang tolda. Isang *machine gun* ang iniumang sa mga tao. Naiwasan ang pagdanak ng dugo sa tulong ng ilang mga Katolikong pari na namagitan upang mapakalma ang sitwasyon. Napaulat na sinabi ni Gob. Odiem sa harap ng mga pari, "*You should have left them alone... and fight it out, so that the whole thing be resolved once and for all* (Dapat sana'y hinayaan ninyo silang lumaban nang matapos na ang lahat ng ito.)"⁶⁶

Mga bilateral na *bodong*: Mga kasunduang Bugnay-Liyas, Bugnay-Basao at ang pagsiklab ng alitang Bugnay-Sadanga

⁶² "Kalinga Case," 2-3.

⁶³ Kalinga Special Development Region", 1-2; MSAC, *The Chico River*, 37. Ang kabuuan ng balita hinggil sa pagtitipon ay tinalakay sa "KSDR inaugurated today", *Baguio Midland Courier*, May 10, 1976, 4.

⁶⁴ MSAC, *The Chico River*, 37.

⁶⁵ "Kalinga Case", 3.

⁶⁶ Liham ni Fr. Ben Madriaga para kay Fr. Patricio Guyguyon, Hunyo 2, 1976 (nakamakiniya), 1.

Dalawang bilateral na *bodong* ang napagtibay sa pagitan ng mga oposisyunistang pamayanan noong 1978. Noong Marso nang taong ito, pumasok ang Bugnay sa pakikipagkasundo sa Basao – pamayanan kung saan nakabase ang tanggapan ni Kalihim Emmanuel Elizalde ng Panamin. Ikalawang tangka na ito para sa pagkakasundo. Ang unang *bodong* ay naganap noong Pebrero ngunit kalauna’y bumagsak ang usapan dahil sa insidente ng pamamaril ng mga CHDF ng Basao sa isang biktimang Butbut. Ang hidwaang Butbut-Basao nang panahong ito ay bunga ng manipulasyon ni Elizalde at ng Panamin. Noong 1975 ay sadyang binuo ng kalihim ang CHDF sa Basao sa layong gamitin ito sa panliligalig at pagsalakay sa mga oposisyunistang pamayanan sa katimugang Chico gaya ng Bugnay.⁶⁷ Tumayong tila pribadong hukbo ni Elizalde ang yunit paramilitar na ito na tumanod sa kanyang *saw mill* at tistisan ng *paper pulp* sa Basao laban sa pagsalakay ng mga rebeldeng komunista. Mahigit 60 kalalakihan ng pamayanan ang inarmasan ng Panamin bilang mga kawal ng CHDF.⁶⁸

Bumagsak ang umiiral na *bodong* sa pagitan ng mga Butbut at Basao noong Setyembre 1976 nang isang taga-Basao ang napaslang ng isang taga-Bugnay.⁶⁹ Nagsimulang tambangan ng armadong CHDF ng Basao ang mga Butbut na tumatawid sa hangganan ng dalawang pamayanan mula noon. Ginatungan ni Elizalde ang sumiklab na digmaan at binigyan pa ng dagdag na armas ang yunit paramilitar. Dalawang buwan pagkaraan ng madugong labanan, nagkasundo ang dalawang pamayanan sa pamamagitan ng isang *bodong* noong Nobyembre 1976.⁷⁰ Agad ding kumalas sa kasunduan ang Basao dahil sa panunulsol ni Elizalde at sa pangako nitong palalakasin pa ang puwersa ng Basao. Maraming Butbut ang naging biktima, kabilang na si Modesto Wanawan ng Bugnay, nang sunod-sunod na pananalakay ng mga kalaban. Si Wanawan ang tanging guro noon sa Bugnay kaya higit na nakaapekto ito sa edukasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pamayanan.⁷¹ Ang *bodong* sa unang bahagi ng Marso 1978 ang tumuldok sa karahasan. Naayos ang sigalot nang tiyakin ng pamunuan ng magkabilang pamayanan na hindi makapanghimasok o makialam sa pag-uusap si Elizalde o sinumang opisyal ng Panamin at militar.⁷²

⁶⁷ “Some Notes from Tinglayan” (nakasulat-kamay na ulat, 1975), 2; “Some Notes on Basao and Maswa” (nakasulat na ulat, walang petsa), 1.

⁶⁸ “Transcript of interview with Father Gilbert Obin,” (katitikan na nakamakiniya, 1976), 1-2.

⁶⁹ Roderick Javar. Panayam kay Suplay Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Abril 26, 2004.

⁷⁰ Roderick Javar. Panayam kay Kulid Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Abril 28 at 29, 2004.

⁷¹ “Fact Sheets: The Feud Between Pro-Panamin and Anti-Panamin Tribes” (nakamakiniyang ulat, 1978), 2.

⁷² “Fact Sheets: The Feud,” 3.

Ang kasunduan sa pagitan ng Bugnay at Liyas ang ikalawang pangunahing *bodong* sa pagitan ng mga oposisyunista noong 1978. Ginanap ito noong Marso 20, 1978 sa pamayanan ng Liyas (Barlig, Mt. Province). Nag-ugat ang kanilang digmaan sa ilang isyung teritoryal. Dumalo sa nasabing *bodong* ang *papangat* ng iba pang pamayanang lumalaban sa CRBDP kung kaya naging tila komperensya ng mga oposisyunista laban sa saplad ang nasabing pagtitipon.⁷³

Samantala, malaking dagok sa puwersa ng oposisyon ang sumiklab na digmaan sa pagitan ng mga Butbut at Sadanga – kapwa matitibay na oposisyunistang anti-saplad sa Kalinga-Apayao at Mt. Province, ayon sa pagkakasunod-sunod. Nagsimula ang labanan noong unang bahagi ng 1978 nang dalawang kalalaking Butbut mula sa Bugnay⁷⁴ ang nagtungo at nangholdap sa loob ng teritoryo ng Sadanga. Napaslang ng mga rumespondeng taga-Sadanga ang mga suspek. Sapagkat ang krimeng ginawa ng mga biktima ang ugat ng pamamaslang ay handa na sanang palampasin ng mga Butbut ang insidente. Nakarating sa kanilang kaalaman, gayumpaman, na ang bangkay ng mga biktima ay itinali at ipinahila sa isang sasakyan mula Sadanga patungong bayan ng Bontoc “upang iprisinta sa mga Bontok at nang hindi pamarisan ng iba.”⁷⁵ Bunga nito, sumiklab ang mahaba at madugong serye ng gantihang-pagpatay at pagsalakay sa pagitan ng dalawang pamayanan. Isang taga-Sadanga, na noo’y bumagtas sa teritoryo ng mga kalaban, ang tinambangan at pinaslang ng mga Butbut. Ang kanyang kasamang taga-Sacasacan ay hinayaang makatakas sapagkat umiiral noon ang bilateral na *bodong* sa pagitan ng Bugnay at Sacasacan. Kagyat na ganti ang inilunsad ng mga taga-Sadanga sa pangyayari. Dalawang Butbut, kabilang na ang anak na panguman ni Macli-ing Dulag, ang sinalakay at pinaslang ng mga kalaban habang nangangahoy sila sa gubat.⁷⁶

Naparalisa ang transportasyon at komunikasyon sa daang Bontoc-Tabuk bunga ng digmaan. Tumigil sa pamamasada ang mga sasakyang pagmamay-ari ng mga Butbut at mga taga-Sadanga sa nasabing ruta sa pangamba sa pananambang ng mga kaaway.⁷⁷ Bunga nito, nakialam ang mga lokal na opisyal ng magkanugnog na mga lalawigan. Tatlong pagtatangka para sa *bodong* sa

⁷³ “Tribal war and ties in Kalinga-Apayao”, *Baguio Midland Courier*, Abril 9, 1978, 6.

⁷⁴ Ang grupong Butbut ay sub-pangkat ng mga Kalinga na naninirahan sa mga pamayanan ng Bugnay, Ngibat, Luccong Buscalan, at Butbut Proper.

⁷⁵ Roderick Javar. Panayam kay Suplay Alunday.

⁷⁶ Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday.

⁷⁷ “Seek early meeting”, 8-9.

pagitan ng mga Butbut at Sadanga ang inorganisa nina Gob. Jaime Gomez ng Mt. Province at Gob. Amado Almazan ng Kalinga-Apayao. Ang una ay ginanap sa Tabuk (kabisera ng Kalinga-Apayao) noong Agosto 15, 1978. Sinundan ito ng panibagong pag-uusap na ginanap sa bayan ng Sadanga noong Agosto 22. Dalawang pangunahing desisyon ang nabuo sa nasabing pagtitipon. Una, pumasok ang magkabilang panig sa 3-buwang *ceasefire*. Pangalawa, nagkasundo silang ganapin sa labas ng Mt. Province at Kalinga-Apayao ang ikatlo at huling pag-uusap. Napili ang bayan ng Lagawe, kabisera ng Ifugao, bilang lugar na pagdarausan.⁷⁸

Naganap ang pag-uusap noong Setyembre 16, 1978 kung saan isa si Macliling Dulag sa mga kumatawan sa delegasyong Butbut. Hindi inasahan ang mga pangyayari sa nasabing pagtitipon. Sa harap nina Gob. Gomez, Gob. Almazan, Gob. Zosimo Paredes, Sr. ng Ifugao, at ilang matataas na opisyal-militar, pataksil na sinaksak sa likuran si Dulag ng isang taga-Sadanga sa harap ng pag-uusap. Ang salarin ay ama ng biktima mula Sadanga na pinatay ng mga Butbut. Isa sa tatlong saksak ang umabot sa atay ni Dulag kaya kinailangan siyang ilipad ng helikopter ng militar patungong pagamutan sa V. Luna, lungsod Quezon.⁷⁹ Nakaligtas sa kamatayan ang *pangat* ngunit tuluyang bumagsak ang *bodong*. Higit pa, nagkalamat ang multilateral na *bodong* ng mga Kalinga at Bontok na nabuo nila sa lungsod Quezon noong 1975. Kumampi sa mga Butbut ang mga oposisyunistang Kalinga, habang pumanig naman sa Sadanga ang mga oposisyunistang pamayanan sa Mt. Province. Tinuligsa ng magkabilang panig ang militar at mga lokal na opisyal sa kabiguan nilang matiyak ang kaligtasan ng mga lumahok.

Kalauna'y naayos ng mga Butbut at Sadanga ang kanilang sigalot sa pamamagitan ng *bodong* na eksklusibong naganap sa pagitan ng mga katutubo at walang partisipasyon at panghihimasok mula sa mga lokal na opisyal at militar. Hindi lamang nito naayos ang sigalot sa pagitan ng dalawang pamayanan kundi naipanumbalik ang buklurang Kalinga-Bontok kontra sa mga saplad. Sa katunayan, marami sa mga oposisyunistang pamayanan mula sa Mt. Province ang dumalo sa malakihang multilateral na *bodong* ng oposisyon na ginanap noong Disyembre 1978 sa Bugnay.

⁷⁸ "Reset Bontoc-Kalinga peace pact talks; to meet in Ifugao Sept. 20," *Baguio Midland Courier*, Setyembre 10, 1978, 8; "The Botbot-Sadanga Tribal War: Two Facets," *Baguio Midland Courier*, Oktubre 29, 1978, 7; "Final plans made for tribal peace parlay," *Baguio Midland Courier*, Oktubre 29, 1978, 15; "Third peace pact meet to be held tomorrow," *Baguio Midland Courier*, Agosto 27, 1978, 1, 13.

⁷⁹ Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday.

Pinakamalaking *bodong* ng oposisyon: Ang pagtitipon sa Bugnay

Batay sa napag-usapan sa naunang *bodong* sa Liyas noong Marso 1978, naganap ang binalak na pagtitipon – pinakamalaki sa lahat ng multilateral na pagtitipon ng oposisyon, sa Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao noong Disyembre 29, 1978. Ang desisyon hinggil sa pagdarausan nito ay batay sa ilang mga salik. Una, ang pagdaraos nito sa Bugnay ay pagkilala ng mga Kalinga at Bontok sa mahalagang papel ni Macli-ing Dulag sa oposisyon. Pangalawa, istrategiko ang lokasyon ng Bugnay sapagkat nasa gitna ito ng mga pamayanang Kalinga at Bontok na lumalaban sa mga saplad. Bentahe ang lokasyon nito sa pagtiyak sa malawakang partisipasyon ng mga pamayanang ito mula sa dalawang lalawigan. At pangatlo, sapagkat nakabase sa Bugnay ang operasyon ng *New Peoples' Army* (NPA) sa rehiyon, kinilala ng mga oposisyunista ang papel ng kilusang komunista para sa pakikibaka ng mga katutubo laban sa CRBDP. Noong 1976, unang pumasok sa Kalinga ang Pangkat Dulong Hilagang Isabela (PDHI), isang maliit na iskwad ng NPA na nasa pamumuno ng isang Ka Sungar. Una silang nagsagawa ng operasyon sa bayan ng Tanudan at kalauna'y umugnay at sumuporta sa mga katutubong pamayanang lumalaban sa mga saplad. Paglaon ay nagtungo't bumase sila sa Bugnay.⁸⁰

Tinayang umabot sa 2,000 ang bilang ng mga dumalo sa nasabing *bodong*. Walumpung (80) *pangat* mula sa dalawampu't-anim (26) kaalyadong pamayanang Kalinga at Bontok ang lumahok.⁸¹ Hindi pangkaraniwan ang t'yempo ng pagtitipon ngunit hindi ito naging hadlang para sa napakalaking bilang ng mga dumalo't lumahok. Tag-ulan ang mga panahong ito kung kaya't mahirap ang paglalakbay. Maraming bahagi ng mga kalsada sa lugar ay gumuguho bunga ng ulan. Kaya nga karaniwang ginaganap ang mga tradisyonal na *bodong* tuwing tag-init (Marso hanggang Mayo) sapagkat tuyo ang mga daan patungo sa kabilang pamayanan. Kaunti rin ang mga trabaho ng taumbayan sa kanilang mga *payao* at *uma* sa mga panahong ito kaya akma sa pangangabilang-pamayanan. Ang pag-angkop ng mga katutubo sa tyempo ng mga *bodong* na anti-saplad mula nang dumating ang hamon ng CRBDP ang isa sa mga pagbabagong dulot ng multilateral na mga pagtitipon.

⁸⁰ Castro, *A Peek Into Cordilleran History*, 175.

⁸¹ "On the Killing of Macli-ing Dulag and the Attempted Murder of Pedro Dungoc of Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao, on the night of April 24, 1980," (nakamakinilya, 1980), 1; "Data Sheet on the person of Macli-ing", 2.

Dumalo rin sa pagtitipon ang iba't ibang grupong tagasuporta mula sa Maynila at Baguio, lalo na ang mga tagasuportang taong-simbahan, mula sa midya at akademya, at iba pang mga propesyunal. Ganito ang salaysay ni Randy David hinggil sa kanyang karanasan sa pagdalo sa *bodong*:

Una kong nabisita ang lugar noong 1978 bilang bahagi ng delegasyon ng mga mamahayag at mga aktibista mula Baguio at Maynila na inanyayahang sumaksi sa bodong ng iba't ibang tribo at pamayanan ng Kordilyera. Pinangunahan ni Macli-ing ang bagong aplikasyon ng tradisyonal na konsepto [ng bodong] upang pagbuklurin ang mga mamamayang apektado ng plano ng pamahalaan na konstruksyon ng apat na saplad sa ilog Chico. Pinagbuklod niya ang mga pamayanang dating magkakaaway, o kapwa nakabukod sa isa't isa. Sa kauna-unahang pagkakataon, nagtipon-tipon ang mga lider ng magkakaibang tribo upang pag-usapan ang banta sa lahat.⁸²

Dalawang mahahalagang bagay ang napagkasunduan ng lahat sa *bodong* na ito. Una, pormal at nagkakaisang hinirang ng mga tao si Dulag bilang opisyal na pangkalahatang tagapagsalita at lider ng oposisyon. Pagpopormalisa ito sa tungkuling *de facto* na unang ibinigay sa kanya sa *bodong* sa Tanglag noong 1975. Pangalawa, inilatag at inaprubahan ng mga dumalo ang mga sumusunod na *pagta* ng nasabing *bodong*:

- 1) Lahat ng mga mamamayang Kalinga at Bontok na apektado ng mga saplad ay pinagbabawalang magtrabaho para sa proyekto;
- 2) Hindi dapat sisihin ang mga oposisyunista kung sakaling may mamatay mula sa hanay ng mga Bontok o Kalinga bunga ng kanyang trabaho para sa proyekto;
- 3) Kailangang pagsabihan ng mga pamilyang Bontok o Kalinga ang kanilang mga anak na sundalo na huwag saktan ang mga tumututol sa mga saplad;
- 4) Pinagbabawalan ang lahat ng apektadong mamamayan na magbenta ng kanilang mga kalakal o magbigay ng pagkain sa mga manggagawa ng NPC;

⁸² Malayang salin ng may-akda. Randy David, "Bugnay Revisited," *Philippine Daily Inquirer*, Abril 12, 1998, 8.

- 5) Sinumang magtaksil [sa oposisyon], maglingkod laban sa mga oposisyunista, o sumuporta sa NPC ay parurusahan ng kamatayan;
- 6) Ang *bodong* na umiiral sa pagitan ng mga pamayanan ay hindi dapat maapektuhan kung may masawi mula sa alinmang pamayanan bunga ng kanyang pagtatrabaho sa NPC; at
- 7) Sinumang magtangkang maghiganti sa pagkasawi ng kamag-anak bunga ng pagsuporta nito sa mga saplad ay ituturing na kaaway ng mga oposisyunista.⁸³

Sa bandang huli, nanaig ang mga katutubo sa matagal at mapanindigan nilang pakikibaka laban sa mga saplad ng diktadura. Kalauna'y tahimik na ipinatigil ni Pangulong Marcos ang proyekto bunga ng pag-urong ng *World Bank* sa pangako nitong pautang para sa proyekto. Bunga ito ng presyur ng iba't ibang lokal at internasyonal na organisasyon sa WB dahil sa marahas na pamamaslang ng militar kay Macli-ing Dulag noong Abril 24, 1980. Palihim na dumating sa pamayanan ng Bugnay ang mga sundalong nakalulan ng isang *Cimmaron* at *Army jeep* nang gabing iyon.⁸⁴ Habang tahimik nang nagpapahinga ang mag-asawang Dulag kasama ang mga apo at manugang na lalaki na nagpasyang magpalipas nang gabing iyon sa kanila, pinalibutan at pinaulanan ng bala ng mga armadong sundalo ang tahanan ng pamilya.⁸⁵ Tinamaan si Macli-ing Dulag sa kaliwang dibdib, kanang hita, kanang balakang at singit. Gahiblang nakaligtas ang kanyang maybahay sa pamamaril. Muntik ding tinamaan ang dalawang nahintakutang apo at manugang.⁸⁶ Binaril din ng mga sundalo si Pedro Dungoc, kapitbahay nina Dulag at isa sa mga aktibong oposisyunista mula sa Bugnay.⁸⁷ Mabilis na kumalat ang masamang balita kinaumagahan sa mga oposisyunistang pamayanan. Dumagsa sa Bugnay ang mga tao mula sa iba't ibang pamayanang Kalinga at Bontok upang makiramay at magbigay-pugay sa labi ng *pangat*. Dumating sa Bugnay maging ang mga dating kaaway ng mga Butbut at ang mga pamayanang hindi direktang apektado ng mga saplad.

⁸³ *Pagta ti Bodong*. Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao. Disyembre 29, 1978.

⁸⁴ ECTF et al., *First Consolidated Report*, 8.

⁸⁵ Ma. Ceres P. Doyo, "Was Macli-ing Killed Because He Damned the Chico Dam?", *Philippine Panorama*, Hunyo 29, 1980, 25.

⁸⁶ Roderick Javar. Panayam kay Man-nay Gunday.

⁸⁷ Doyo, *Macli-ing Dulag*, 135, 147.

Nilitis ng General Court Martial Unit 2 (GCMU-2) sa kaso ng pamamaslang kay Dulag sina Lt. Leodegario Adalem, Sgt. Angeles Tañag, Francisco Garcia at Robino Galleno. Noong Nobyembre 1983, pagkaraan nang mahigit 3 taong paglilitis, napatunayan ng korteng militar na ang mga akusado ay “*guilty as charged*” at hinatulan ng 10 taon at 1 araw hanggang 14 taong pagkakabilanggo sa piitan sa Muntinlupa. Ipinag-utos din ng korte ang agarang *dismissal* at *dishonorable discharge* sa mga salarin mula sa serbisyo-militar.⁸⁸ Lingid sa kaalaman ng marami, kalauna’y pinalaya, muling nakabalik sa serbisyo at itinaas pa nga ang ranggo ni Lt. Adalem.⁸⁹

Konklusyon

Karaniwang sumisibol ang pagkakaisa ng taumbayan sa mga mapanghamong panahon. Sa kaso ng oposisyong Kalinga at Bontok sa harap ng agresyong pangkaunlaran ng diktadurang Marcos, napatunayan ang diwa at bisa ng pagkakaisa ng taumbayan. Pangunahing instrumentong kultural ng taumbayan sa pakikibakang ito ang katutubong sistema ng *bodong*. Nalinang sa mahabang mga prosesong panlipunan sa Kordilyera, pinagbigkis nito ang mga dati-rating nagdidigmaang pamayanan para maipagtanggol ang kanilang mga komunidad mula sa destruksyon. Upang higit na maging mabisa, umangkop ang mga katutubong pamayanang ito sa mga pangangailangan ng panahon at isinantabi ang ilang mga tradisyonal na katangian ng *bodong*. Sa ganito, napalawak nila ang saklaw ng mga kasunduan – hindi lamang sa pagitan ng mga pamayanang Kalinga, kundi napaigting din ang pakikipagkaisa sa mga pamayanang Bontok ng Mt. Province.

⁸⁸ Logarta, *The Macli-ing Dulag Case*, 26, 33; “Two soldiers convicted of tribal chieftain’s slay,” *Daily Express*, Nobyembre 29, 1983, 1.

⁸⁹ Doyo, *Macli-ing Dulag*, 148.

Sanggunian

Mga ulat, katitikan, liham at iba pang primaryang batis

“Data-sheet on the person of Macli-ing”. Nakamakinilya, Mayo 13, 1980.

“Fact Sheets: The Feud Between Pro-Panamin and Anti-Panamin Tribes.”
Nakamakinilyang ulat, 1978.

“Happenings in Kalinga-Apayao.” Katitikang nakasulat-kamay, 1975.

“Happenings in Lubuagan.” Ulat at katitikan ng pagtitipon, (1975), nakasulat-kamay.

“Kalinga Case: Chico Dam 4 (A Report from Major Mariano, Assistant Provincial Commander of PC Command, Bulanao, Kalinga-Apayao).”
Nakamakinilya, 1976.

“Kalinga Special Development Region (KSDR) Joint Inaugural Souvenir Program.” Nakamakinilya.

Liham ni Fr. Ben Madriaga para kay Fr. Patricio Guyguyon. Hunyo 2, 1976.
Nakamakinilya.

“Memorial Service for Macli-ing Dulag.” Nakamakinilya, walang petsa.

“On the Killing of Macli-ing Dulag and the Attempted Murder of Pedro Dungoc of Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao, on the night of April 24, 1980.”
Nakamakinilya, 1980.

“Some Notes from Tinglayan.” Nakasulat-kamay na ulat, 1975.

“Some Notes on Basao and Maswa.” Nakasulat na ulat, walang petsa.

“Transcript of interview with Father Gilbert Obin.” Katitikang nakamakinilya,
1976.

“Transcript of radio interview with NPC officials, Radio Mindanao Network – Baguio Station.” Nakamakinilya, Marso 9, 1975.

Mga di-nalathalang manuskrito

“Bodong: From Local to National Solidarity.” Di-nalathalang manuskrito, 1980.
Nakamakinilya.

Cordillera Committee on Justice and Peace, “Militarization Comes in the Chico Valley.” Manuskritong nakamakinilya, 1980.

Episcopal Commission on Tribal Filipinos (ECTF), National Secretariat for Social Action, Justice and Peace, Ecumenical Movement for Justice and Peace, at Anthropological Association of the Philippines (UGAT). “First Consolidated Report of the Fact-Finding Mission on the Kalinga Crisis and the Case of Macli-ing Dulag.” Nakamakinilyang manuskrito, Mayo 1980.

Montañosa Social Action Center. “The Chico River Basin Development Project: A Case Study on Development.” Di-nalathalang manuskrito, 1980.
Nakamakinilya.

“Vochong: A Conference on Development; Participative Planning and National Development – The Case of the Bontocs and Kalingas and the Chico River Basin Development Project.” Di-nalathalang manuskrito, 1975.
Nakamakinilya.

Mga pagta

Pagta ti Bodong. Bugnay, Tinglayan, Kalinga-Apayao. Disyembre 29, 1978.

Pagta ti Bodong. Tanglag, Lubuagan, Pebrero 14, 1975.

Mga panayam

Roderick Javar. Panayam kay Ka Sungar. Bontoc, Mt. Province. Mayo 3, 2003.

Roderick Javar. Panayam kay Kulid Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga.
Abril 28 at 29, 2004.

Roderick Javar. Panayam kay Lakay Chogchay. Bugnay, Tinglayan, Kalinga.
Mayo 1, 2004.

Roderick Javar. Panayam kay Mabini Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga.
Abril 28, 2004.

Roderick Javar. Panayam kay Man-nay Gunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga.
Abril 29, 2004.

Roderick Javar. Panayam kay Suplay Alunday. Bugnay, Tinglayan, Kalinga.
Abril 26, 2004.

Mga pahayagan

“200 hectares set aside for relocation in Kalinga,” *Baguio Midland Courier*,
Agosto 8, 1976.

Alejandro, Leandro. “Macli-ing Revisited: This is no time for crying”, *WHO*,
May 16, 1981.

“Allocate 1,500 hectares for KSDR relocation,” *Baguio Midland Courier*, Abril
11, 1976.

Doyo, Ma. Ceres P. “Was Macli-ing Killed Because He Damned the Chico
Dam?,” *Philippine Panorama*, Hunyo 29, 1980.

“Final plans made for tribal peace parlay,” *Baguio Midland Courier*, Oktubre 29,
1978.

“Kalinga-Apayao to have a big dam,” *Times Journal*, Agosto 12, 1975.

“KSDR inaugurated today”, *Baguio Midland Courier*, May 10, 1976.

Logarta, Margarita. “The Macli-ing Dulag Case: Isn’t Jailing the Killer
Enough,” *WHO*, Disyembre 21, 1983.

“Power Woes,” *Philippine Daily Express*, March 13, 1976.

“Predict end of RP energy crisis by 1985”, *Bulletin Today*, May 26, 1975.

Randy David. “Bugnay Revisited,” *Philippine Daily Inquirer*, Abril 12, 1998.

“Relocation drive for K-A residents okayed,” *Baguio Midland Courier*, Hulyo 25, 1976.

“Reset Bontoc-Kalinga peace pact talks; to meet in Ifugao Sept. 20,” *Baguio Midland Courier*, Setyembre 10, 1978.

“Seek early meeting to forge solutions to tribal conflict,” *Baguio Midland Courier*, November 12, 1978.

“The Botbot-Sadanga Tribal War: Two Facets,” *Baguio Midland Courier*, Oktubre 29, 1978.

“Third peace pact meet to be held tomorrow,” *Baguio Midland Courier*, Agosto 27, 1978.

“Tribal war and ties in Kalinga-Apayao”, *Baguio Midland Courier*, Abril 9, 1978.

“Two soldiers convicted of tribal chieftain’s slay,” *Daily Express*, Nobyembre 29, 1983.

Villanueva, Rene. “A Reign of Terror in the Kalinga Highlands,” *WHO*, Hunyo 21, 1980.

Mga nalathalang materyal

Barton, Roy F. *The Kalingas: Their Institution and Custom Law*. Chicago: The University of Chicago Press, 1949.

Cariño, Joanna. “The Chico River Basin Development Project: A Case Study in National Development Policy (An Update)”, *Aghamtao* 3 (1980): 1-25.

Castro, Nestor. “A Peek Into Cordilleran History, Culture and Society: In Search of Self-determination” nasa *Seven in the Eye of History*, pat. Asuncion David-Maramba. Pasig City: Anvil Publishing, Inc, 2000.

Doyo, Ma. Ceres. “Macli-ing Dulag: Kalinga Brave,” nasa *Seven in the Eye of History*, pat. Asuncion David-Maramba. Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 2000.

- Hemley, Robin. *The Invented Eden: The Elusive, Disputed History of the Tasaday*. Pasig City: Anvil Publishing, 2004.
- Lahmeyer International GmbH. *Technical Pre-Feasibility Study of the Hydroelectric Development in the Chico River*. Frankfurt, Germany: Lahmeyer International, 1973.
- Lua, Norma. *Butbut History on Wings of Songs*. Baguio: Cordillera Studies Center, 1987.
- Manapat, Ricardo. *Some Are Smarter Than Others: The History of Marcos' Crony Capitalism* New York: Aletheia Publications, 1991.
- Parpan-Pagusara, Mariflor. "The Kalinga Ili: Cultural-Ecological Reflections on Indigenous Theoria and Praxis of Man-Nature Relationship", *Dakami Ya Nan Dagami: Papers and Proceedings of the First Cordillera Multisectoral Land Congress*. Baguio: Cordillera Consultative Committee, 1984.
- United States Bureau of Reclamation on the Cagayan River Basin Resources, *Technical Report*. September 1965.
- Vecaldo, Rudolf, Romeo Clemente, and Agustin Tamangen, "Effectiveness of Bodong as an Alternative Dispute Resolution: A Glimpse of Kalinga's Peace Framework", *Sociology and Anthropology* 3 (2015): 145-152.
- Winnacker, Martha. "The Battle to Stop the Chico Dam", *Southeast Asia Chronicle* 67 (1979): 22-29.